WCB FACTS 2017

MGA GABAY SA BENEPISYO 2017

Ito'y isang balangkas ng mga handang magamit na benepisyo sa WCB para sa mga manggagawa sa mga nasasaklawang industriya sa taong 2017. Ang bawat claim ay nirerepaso sa sarili nitong halaga at ang mga benepisyo ay iginagawad nang angkop.

Sino ang sakop ng mga benepisyo ng WCB?

Ang mga manggagawang nagtatrabaho sa lahat ng lugar ng trabaho sa Manitoba maliban sa mga ibinukod sa pamamagitan ng regulasyon ay sakop ng lehislasyon ng kabayaran sa mga manggagawa. Ang WCB ay nagkakaloob ng mga benepisyo sa mga manggagawang saklaw sa mga lugar ng trabaho para sa mga pinsala na may kaugnayan sa trabaho o mga sakit na sanhi ng gawain sa trabaho lamang. Mangyaring tingnan ang sakop ng iyong seguro upang matiyak na ikaw ay handa sa pananalapi sa kapansanan na maaaring maganap sa labas ng lugar ng trabaho.

Anu-anong mga medikal na gastusin ang babayaran ng WCB?

Ang pagsasauli ng mga gastusing medikal, **na direktang mula sa pagkakapinsala sa lugar ng pinagtatrabahuhan**, ay maaaring kabilang ang:

- ang halaga ng ambulansya upang dalhin ka sa isang pasilidad para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan
- paggamot ng isang doktor o chiropractor na iyong napili
- mga halaga ng ospital, medikal at physiotherapy
- niresetang gamot (ipadala ang orihinal na resibo ng Pharmacare)
- kung kinakailangang bumiyahe para makakuha ng wastong paggamot, ang mga panustos para sa transportasyon at pamumuhay ay maaaring saklaw (ang mga natamong gastusin lamang na higit sa normal na gastusin sa pagbibiyahe ang isasaalang-alang)
- paggamot sa ngipin
- artipisyal na kamay at paa, mga brace, mga saklay, mga tungkod, mga hearing aid o iba pang pantulong na inireseta ng isang doktor
- orthotic alteration ng sapatos
- pag-aayos ng prostetikong aparato, mga pustiso, salamin sa mata o pananamit kung ang insidente ay nagresulta sa isang personal na pinsala at pinsala sa alinman sa mga bagay na ito; ang kawalan ng mga sahod na may kaugnayan sa pag-aayos ng mga aparatong ito ay maaaring masakop.

Hindi babayaran ng WCB ang pag-aayos o pagpapalit ng alahas, mga kasangkapan sa pangangalakal, o salaping nawala bilang resulta ng isang pinsala.

Paano kung permanente ang aking pinsala?

Kung permanente ang iyong pinsala, maaaring ikaw ay karapat-dapat para sa gantimpala sa permanenteng bahagi lamang na paghina ng kakayahan (permanent partial impairment o PPI). Ang mga gantimpalang ito ay binabayaran bilang karagdagan sa iba pang mga benepisyo at nag-iiba ayon sa antas ng paghina ng iyong kakayahan. Mangyaring sumangguni sa fact sheet ng Permanent Partial Impairment Award para sa karagdagang impormasyon.

Makakaasa ba akong makakuha ng 90% ng aking maiuuwing sahod?

Hindi. Ang iyong regular na pay check ay maaaring magkaroon ng ilang mga pagbawas na hindi makakaapekto sa iyong mga benepisyo sa WCB, tulad ng mga bayad sa unyon, mga plan sa pensyon, mga savings bond, atbp. Ang mga pagbawas na halagang ito ay hindi gagamitin sa aming mga pagkuwenta. Ginagamit namin ang gross (bago bawasan ng buwis) na kita at kinakaltas ang posibleng mga pagbawas para sa income tax, seguro sa trabaho at mga kontribusyon sa Canada Pension Plan. Ang resulta ay ang iyong neto na kinita.

Ang pagbawas para sa posibleng income tax ay batay sa iyong katayuan sa dependensya – nang tiyakan, maging ikaw man ay walang asawa, may asawa o nasa isang common-law na pagsasama, kung nagtatrabaho man o hindi ang iyong asawa/kinakasama at ang bilang ng mga umaasa na iyong inihayag sa iyong income tax return.

At, kung ikaw ay kuwalipikado para sa mga pagbawas sa buwis ng iyong claim para sa mga gastusin na kaugnay sa pag-aalaga ng bata, mga bayad sa sustento sa anak, at/o bayad sa sustento sa asawa, gagamitin ang mga ito sa pagkuwenta ng iyong posibleng income tax. Sa gayon ay babawasin namin ang halagang katumbas ng posibleng benepisyo sa buwis na iyong tatanggapin dahil sa hindi binubuwisan na katayuan ng iyong mga benepisyo sa WCB. Ikaw ay makakatanggap ng 90% ng halagang ito.

Lahat ba ng mga manggagawa na kumikita ng parehong halaga ng pera ay makakakuha ng parehong mga benepisyo bilang kabayaran?

Hindi. Isinasaalang-alang ng WCB kung ilang mga umaasa ang iyong i-claim, at pati na rin ang ibang mga pagbawas sa buwis kapag kinukuwenta ang posibleng mga babawasing halaga. Ito ay nangangahulugan na ang halagang babayaran sa isang manggagawa na may tatlong umaasa ay hindi katulad ng halagang babayaran sa nag-iisang manggagawa na walang umaasa. Mangyari na sumangguni sa fact sheet ng Calculation of Wage Loss Benefits para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga benepisyo ng WCB ay binabayaran sa unang araw ng trabaho makalipas ang araw nang mapinsala. Gayunman, ang iyong employer ay may responsibilidad na ikaw ay bayaran para sa regular na naitakdang panahon na iyong nakaligtaan sa araw nang mapinsala.

Kung ang isang manggagawa ay napinsala at namatay, anu-anong mga benepisyo ang matatanggap ng kanilang pamilya?

Mangyaring tingnan ang fact sheet ng Mga Benepisyo para sa Umaasa ng Mga Manggagawa na Napinsala at Namatay (Benefits for Dependents of Fatally Injured Workers) para sa karagdagang impormasyon.

Ako ba ay karapat-dapat para sa iba pang mga benepisyo?

Oo. Pagkatapos mong tumanggap ng mga benepisyo sa pagkawala ng sahod sa kabuuang 104 na linggo, ikaw ay may karapatan din para sa group life insurance plan ng WCB na ganap na pinondohan ng Workers Compensation Board.

Ang isang taunang bayad sa pagreretiro ay maaari rin itabi para sa iyo pagkatapos mabayaran ang mga benepisyo sa pagkawala ng sahod sa kabuuang 104 na linggo, depende sa mga kasunduan sa pensyon na nagpapatuloy sa iyong employer sa aksidente.

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga benepisyong ito, mangyaring sumangguni sa fact sheet ng Group Life Insurance ng WCB at fact sheet ng Taunang Bayad sa Pagreretiro (Retirement Annuities). Ipinapaalala rin namin sa iyo ang mga karapatan na ito habang papalapit ang 104 linggo ng iyong claim.

MANGYARING TANDAAN:

- Mangyaring tiyakin sa WCB bago magpatuloy sa kahit na anong paggamot dahil lahat ng mga benepisyong inilarawan sa fact sheet na ito ay dapat na maaprubahan.
- Isang pagkakasalang kriminal ang magbigay ng hindi totoong pahayag sa WCB.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.